EMPLOYMENT ONTARIO
Ontario's employment & training network

Ontario

Ontario Job Bank

Ang Ontario Job Bank ay isang network sa web na may mga patalastas ng mga trabaho na pwedeng pag-aplayan ng lahat ng mga Canadian. Ang mga taong naghahanap ng trabaho ay makakatuklas ng mga pinatatalastas na mga trabaho sa site na ito na hindi lang mula sa lahat ng dako ng Ontario kundi sa buong Canada.

Anong mga serbisyo ang magagamit?

Para ma-access ang mga trabahong pinatatalastas sa Ontario Job Bank:

- I-click ang **www.jobbank.gc.ca**.
- Piliin ang **English** o **French**.
- I-click ang **Job Search** sa pambungad na pahina.
- Piliin ang **Ontario** (o iba pang province).
- Gawing mas mabisa ang inyong paghahanap ng trabaho sa pamamagitan ng keyword, tungkulin (job title), numero ng trabaho (job number), mga lokasyon sa Ontario, o petsang pinatalastas, o hanapin ang mga bagong patalastas ng trabaho.

Pwedeng i-access ng mga taong naghahanap ng trabaho ang mga karagdagang feature mula sa pambungad na pahina ng Ontario Job Bank website. Kabilang sa mga feature na ito ang sumusunod:

- Ang **Job Match**, na nagbibigay ng pagkakataon sa mga taong naghahanap ng trabaho na itala kung anong klaseng trabaho ang magagawa nila at ipamalita ito sa mga posibleng maging pinagtatrabahuhan, at makatanggap rin ng listahan ng mga oportunidad sa trabaho na nababagay sa kanilang mga kakayahan.
- Ang **Job Alert**, na nagbibigay ng pagkakataon sa mga taong naghahanap ng trabaho na makatanggap sa pamamagitan ng e-mail, ng listahan ng mga bakanteng trabaho na nababagay sa klase ng trabahong hinahanap nila.
- Ang **Career Navigator**, na isang navigator tool na tumutulong sa mga tao sa kanilang pagdedesisyon tungkol sa kanilang propesyon.
- **Resume Builder**, na tumutulong sa paggawa ng resume para sa pansariling paggamit o para sa pag-aplay online sa pamamagitan ng site para sa mga trabaho sa pamahalaang pederal.

Sino ang makakagamit nitong mga serbisyo?

Ang lahat ng mga feature ng Ontario Job Bank ay magagamit ng lahat ng tao.

Kung kayo ay hindi isang mamamayan ng Canada o hindi isang permanent resident ng Canada, maaaring kailanganin ninyo ang isang awtorisasyon para makapagtrabaho bago kayo magsimulang magtrabaho sa Canada. Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang opisina ng Canadian Citizenship and Immigration o tingnan ang kanilang website sa http://www.cic.gc.ca.

Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Makakakuha ng karagdagang impormasyon sa Ontario Job Bank website sa www.jobbank.gc.ca.